



Programang Pangkalusugan at Kagalingan para sa mga Kabataan sa 888 Post St. (Youth Health and Wellness Program) Mga FAQ

Ano ang iminungkahing proyekto sa 888 Post Street, kanino ito maglilingkod?

- Ang Health and Wellness Program (Programang Pangkalusugan at Kagalingan) ay matatagpuan sa 888 Post, isang 29,670 square feet, tatlong palapag na gusali na pag-aari ng Lungsod ng San Francisco.
- Ang Lower Polk TAY Navigation Center na pinamamahalaan ng 3rd Street Youth Center at Clinic (Third Street) ang gumagamit sa ikalawa at ikatlong palapag, at ang Health and Wellness Program ay gagamit ng unang palapag.
- Ang pinaglilingkurang populasyon ay tinukoy bilang TAY, edad 18 hanggang 27, na nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Kawalan ng tirahan sa San Francisco

- Ang San Francisco at ang Bay Area ay nasa kalagitnaan ng krisis sa abot-kayang pabahay.
- 8,323 katao ang walang tirahan sa San Francisco lamang.
- Sa mga iyon, 4,355 ang walang nasilungan (unsheltered).
- Araw-araw, ang lungsod ay nagbibigay ng pabahay at tirahan sa mahigit 15,000 katao, ngunit hindi pa rin namin natutugunan ang pangangailangan sa buong komunidad.

Kawalan ng Tahanan ng mga Kabataan sa San Francisco

- Ang Transitional Age Youth ay ang mga nasa edad 18-24.
- Sa San Francisco, mayroong humigit-kumulang 1,193 na TAY na walang tirahan.
- Tumaas ng 75% ang mga kabataang nabigyan ng tirahan (sheltered homeless youth) sa pagitan ng 2022 at 2024.
- Bumaba ng 9% ang mga kabataang walang tirahan (unsheltered homeless youth) sa pagitan ng 2022 at 2024
- 38% ang kinikilala bilang bahagi ng LGBTQ+ na komunidad.

Anong uri ng mga serbisyong panlipunan ang magagamit ng mga panauhin?

- Pagpapaunlad ng Manggagawa (Workforce Development): Magbigay ng suporta sa pagpapaunlad ng mga manggagawa sa pamamagitan ng nakatuong posisyong Development Specialist, sa pakikipagtulungan sa Human Services Agency (HSA) workforce development.
- Magbigay ng mga kasanayan sa buhay tungkol sa mga matututunan sa nutrisyon, kalinisan, paglutas ng gusot/pag-iwas sa karahasan, paghahanap ng pabahay at pangungupahan, kaalaman sa pananalapi, at iba pang mga paksang angkop para sa kabataan.
- Access Point: Mag-alok ng Coordinated Entry na pagtatasa at paglutas ng problema.
- Mag-alok ng 1:1 na pamamahala ng kaso (case management) ng isang sinanay na miyembrong kawani sa anyo ng suportang nakabatay sa lakas upang matukoy ang mga panandalian at pangmatagalang layunin, impormasyon, at mga link sa mga mapagkukunan ng komunidad.
- Makipagtulungan sa HSH sa pagbuo ng panandaliang modelo ng espesipikong indibidwal na plano ng serbisyo tungkol sa Health and Wellness.

- Ang mga kawani ng Case Management (Pamamahala ng Kaso) ay dapat magbigay ng indibidwal at grupong mga serbisyo sa pagpapayo sa kalusugan at kagalingan at pag-iwas gamit ang paraan ng pangangalaga sa pagbabawas ng pinsala at may kaalaman sa trauma (harm-reduction and trauma-informed care approach).
- Magbigay ng lugar para sa mga tagapayo at clinician na nag-aalok ng pag-iwas, pagtatasa, interbensyon sa krisis, paggamot, at mga serbisyo ng pag-uugnay para sa mga pangunahing pangangailangang medikal at kalusugan ng pag-uugali sa pakikipagtulungan sa DPH.
- Ang mga tauhan ng operasyon ay dapat magbigay ng pagsubaybay sa programa, madalas na mga pagsusuri sa kalusugan, kaligtasan/hindi pagdami ng mga bisita, mga serbisyo sa janitorial, at mga serbisyo sa maintenance.

Anong uri ng mga amenity ang magagamit para sa mga bisita?

- Ang Health and Wellness na programa ay dapat magkaloob sa pinagsisilbihang populasyon ng mga sumusunod na amenity 7 araw sa isang linggo 365 araw sa isang taon upang suportahan ang personal na kalinisan at i-maximize ang kanilang kakayahang manirahan at magtrabaho sa komunidad.
 - 24/7 na kawani, kabilang ang mga kawani sa programa ng pagsubaybay at kaligtasan/de-escalation;
 - Access sa mga banyo at imbakan para gamit¹;
 - Access sa shower, lababo, at paglalaba;
 - Closet para sa mga Damit: Access ng kliyente sa mga libreng aytem ng damit (medyas, undergarment, coat, atbp.);
 - Hair Salon;
 - Lugar na Kainan na may access sa masustansyang meryenda, mesa at upuan para sa pagkain, microwave, coffee maker, tsaa, atbp.;
 - Pagbibigay ng mga gamit para sa kalinisan at mga personal na gamit kabilang ang mga pang-ahit, toothbrush, sabon, shampoo, pangunang lunas, at mga gamit para mabawasan ang pinsala;
 - Mga computer workstation para sa paggamit ng kliyente;
 - Access para sa Wi-Fi internet at charging station;
 - Mga mesa at/o pribadong opisina para sa mga empleyado ng tagapagbigay ng serbisyo at mga kawani ng Department of Public Health (DPH)sa pag-uugali at medikal (kung maaari ang espasyo sa medikal na klinika).
 - Nakabahaging espasyo ng opisina na magagamit para sa panlabas na kasosyong kawani ng organisasyon;
 - Mga security camera;
 - Secured na pasukan sa harap;
 - Lugar para sab asura, pag-recycle at compost;
 - Espasyo ng komunidad;
 - Ilaw sa lugar;
 - Mga mailbox ng kliyente; at
 - lalagyan ng bisikleta.

¹ Ang mga banyo at imbakan para sa mga gamit ay maaaring ibahagi sa Navigation Center.



Sino ang magbibigay ng mga serbisyo at suporta sa mga bisita sa lugar?

- Sa pamamagitan ng kumpitensya sa proseso ng bid, pipili ang HSH ng nonprofit na kasosyo upang patakbuhin ang programa
- Ang operator ay magkakaroon ng kadalubhasaan sa paglilingkod sa mga nakababatang nasa hustong gulang (young adult)

Bakit itong lugar at lokasyon?

- Ang unang palapag ay humigit-kumulang 8,000 square feet at nilagyan ng gated driveway at hiwalay na entrance/exit na magpapahintulot sa Health and Wellness Program na gumana nang hiwalay mula sa Navigation Center.
- Ang lugar na ito ay maigi para sa ganitong uri ng programa dahil sa lokasyon nito, espasyo ng komunidad, at lapit sa pampublikong transportasyon.

Para saan ang lugar na kasalukuyang ginagamit?

- Ang Lower Polk TAY Navigation Center na pinamamahalaan ng 3rd Street Youth Center at Clinic (Third Street) ay sumasakop sa ikalawa at ikatlong palapag. Kasalukuyang bakante ang unang palapag.

Sino ang mananagot para sa mga kondisyon ng kapitbahayan?

- Ang programa ay magkakaroon ng bahagi ng pananagutan sa TAY Navigation Center at susunod sa Patakaran sa Mabuting Kapitbahay (Good Neighbor Policy) ng HSH na nagpapanatili ng magandang relasyon sa kapitbahayan kabilang ang:
 - Pakikipagtulungan sa mga kapitbahay at kaugnay na ahensya ng lungsod upang matiyak na ang mga alalahanin ng kapitbahayan tungkol sa pasilidad ay maririnig at matugunan;
 - Magkaroon ng pampublikong linya ng telepono (at/o email) na magagamit para sa komunidad upang mag-ulat ng mga alalahanin;
 - Dadalo ang kinatawan ng lugar sa lahat ng naaangkop na pagpupulong ng kapitbahayan;
 - Ang kinatawan ng lugar ay maaaring tumugon sa mga kapitbahay sa loob ng 24 na oras, kung makatwiran;
 - Pagbabawas ng epekto sa kapitbahayan ng pinaglilingkuran ng populasyon na naghihintay na makapasok sa lugar o sa agarang paligid ng lugar;
 - Aktibong susubaybayan ang perimeter ng lugar, 7 araw bawat linggo;
 - Aktibong hihimok na iwasan ang pagtatapon ng basura sa lugar na nakapalibot nito; at
 - Ipatawag ang tagapagpatupad ng batas, SFHOT, HSOC, at/o DPW kung kinakailangan upang matugunan ang mga isyu sa kaligtasan, kalinisan, at/o pagkakampo sa bloke.
 - Kasalukuyang pinopondohan ng HSH ang mga serbisyo ng ambassador upang makatulong na mabawasan ang anumang epekto ng mga serbisyo, tirahan at pabahay sa kapitbahayan.
 - Ang HSH ay patuloy na makikipagtulungan na mapadali ang pag-uusap at pakikipagtulungan sa pagitan ng asosasyon ng kapitbahayan at ng operator ng lugar.

